



PATNUBAY SA MISA



10 Agosto 2014

Ika-19 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong A

PANGINOON, ALAM KONG MALAPIT KA!

Ngayong Linggo, inaanyayahan tayo ng Panginoong magnilay sa mga biyaya ng pagiging kasama niya, at sa gayo'y pinasigla ang ating pananampalataya sa kanya. Sa mundo natin ng panganib at mga karahasan, halos manlumo tayo. Ngunit sa pagpanig at pag-aalalay sa atin ni Hesus, wala tayong sukat ipangamba pagkat siya ang bukal ng ating kaligtasan at kapayapaan.

Bilang mga indibiduwal at Simbahan, manghawak tayo sa katiyakang ito, ano man ang mangyari.

Sa pagdiriwang ng Eukaristiya, totoong napakalapit sa atin ng Panginoon at ipinagkakaloob niya ang kanyang sarili sa Banal na Komunyong. Pag-ibayuhin natin ang ating pananalig sa ganitong katotohanan sa pagsisimula natin sa ating pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tipan mo, Poon, sa amin ay huwag mong lilimutin nang ang aba'y h'wag apihin at kalaban mo'y matigil sa kanilang paniniil.

Pagbati

P -Ang biyaya't kapayapaan buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B -At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P -Mga kapatid, sa paghahanda para sa pagdiriwang ng Eukaristiya nang may pinasiglang puso, hilingin natin sa Panginoong linisin niya tayo sa ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P -Para sa mga saglit ng kahinaan ng aming pananalig, Panginoon, kaawaan mo kami!

B -Panginoon, kaawaan mo kami!

P -Para sa aming pagiging sanhi ng pag-aalala at pangamba ng

aming kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B -Kristo, kaawaan mo kami!

P -Para sa aming kapabayaang ipahayag ka bilang makapangyarihang Tagapagligtas namin, Panginoon, kaawaan mo kami!

B -Panginoon, kaawaan mo kami!

P -Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B -Amen!

Papuri

B -Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tangga-

pin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P -Ama naming makapangyarihan, lakas-loob ka naming tinatawagan sa ngalan mong Ama naming banal. Sa kalooban namin ay panahanin mong lubos ang iyong Espiritung sa ami'y kumukupkop upang sa lupaing ipinangako kami'y makapasok sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B -Amen!

PAGPAPANAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa 1 Ha 19:9.11-13

Sa gitna ng pag-uusig dahil sa kanyang katapatan sa kanyang misyon, si Elias ay nakalaspang ng di-karaniwang kasiyahan ng presensiya ng Panginoon sa may yungib sa Bundok ng Horeb.

Pagkatapos noon, muli siyang lumakas para harapin ang mga pakikipaglaban para sa Diyos.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ng mga Hari

Noong mga araw na iyon, si Elias ay sumapit sa Horeb na bundok ng Diyos. Pumasok siya sa isang yungib at doon nagpalipas ng gabi. Walang anu-ano'y nagsalita sa kanya ang Panginoon: "Lumabas ka at tumayo sa ibabaw ng bundok sa harapan ko."

Pagkasabi nito'y dumaan ang Panginoon at umihip ang napakalakas na hangin. Sumabog ang bundok at nagkadurug-durog ang mga bato sa lakas ng hangin ngunit wala sa hangin ang Panginoon. Nang tumigil ang hangin ay lumindol, ngunit wala sa lindol ang Panginoon.

Pagkalipas ng lindol ay kumidlat, ngunit wala rin sa kidlat ang Panginoon. Pagkalipas ng kidlat, narinig niya ang isang banayad na tinig.

Lumabas si Elias, tinakpan ng balabal ang kanyang mukha at naghintay sa bunganga ng yungib.


Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 84*

B—Pag-ibig mo'y ipakita, iligtas kami sa dusa!

R. M. Velez



Pag- i- big mo'y i- pa- ki- ta,



i- lig- tas ka- mi sa du- sa!

* Aking naririnig magmula sa Poon ang sinasalita; sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa, kung mangagsisi at di na babalik sa gawang masama. Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas. Sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap. **B.**

* Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad. Ang kapayapaan at ang katwira'y magsasamang ganap. Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat, at ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas. **B.**

* Gagawing maunlad ng Panginoong Diyos itong ating buhay. Ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam; sa harapan niya yaong maghahari'y pawang kataru-

ngan. Magiging payapa't susunod ang madla sa kanyang daan. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ro 9:1-5*

Sa bihirang pagpapakilala sa sarili, ipinahayag ni San Pablo sa kanyang mga mambabasa ang kanyang pagdaramdam dahil sa pagmamatigas ng mga Israelita sa di pagtanggap kay Hesus bilang Mesiyas.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Saksi ko si Kristo na katotohanan ang sinasabi ko; hindi ako nagsisi-nungaling. Saksi ko rin ang Espiritu Santo na malinis ang aking budhi sa sasabihin kong ito sa inyo: matindi ang aking kalungkutan at di mapawi ang pagdaramdam ng aking puso tungkol sa aking mga kalahi at mga kababayan, anupa't mamatamin kong ako'y sumpain at mawalay kay Kristo, alang-alang sa kanila.

Sila'y mga Israelita at itinuring ng Diyos na mga anak niya. Nakita nila ang maliwanag na tanda na nagpapakilalang siya'y kasama nila. Sa kanila nakipagtipan ang Diyos; sa kanila rin ibinigay ang Kautusan, ang tunay na pagsamba, at ang mga pangako.

Sila'y nagmula sa mga patriyarka, at sa kanilang lahi nagmula ang Kristo nang siya'y maging tao, Diyos na Kataas-taasan, na pinapupurihan magpakailanman. Amen!

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Awit 129:5

B—Aleluya! Aleluya!

Poon, ikaw ang pag-asa, ang Salita mo'y ligaya, pag-asa ko sa tuwina.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 14:22-33*

Malaki ang nagagawa ng presensiya ni Hesus sa buhay ng Simbahan at sa lahat ng nananalig sa kanya. Pinatunayan ito lalo na sa oras ng panganib. Ito ang mensahe ng salaysay ng nangyari sa isang malakas na bagyo sa Lawa ng Genesaret.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, matapos

pakainin ang mga tao, agad pinasakay ni Hesus sa bangka ang mga alagad at pinauna sa kabilang ibayo samantalang pinauwi niya ang mga tao. Pagkaalis ng mga ito, umahon siya sa burol upang manalangin. Nag-iisa siyang inabot doon ng gabi.

Samantala, nasa laot na noon ang bangka at sinasalpok ng mga alon sapagkat pasalungat sa hangin. At nang madaling-araw na'y sumunod sa kanila si Hesus na naglalakad sa ibabaw ng tubig. Kinilabutan sa takot ang mga alagad nang makita nilang may lumalakad sa ibabaw ng tubig. "Multo!" sigaw nila. Ngunit agad siyang nagsalita at sinabi sa kanila: "Huwag kayong matakot, si Hesus ito!" At nagsalita si Pedro, "Panginoon, kung talagang kayo iyan, papariyanin ninyo ako sa ibabaw ng tubig."

Sumagot siya, "Halika." Kaya't lumunsad si Pedro sa bangka at lumakad sa ibabaw ng tubig, palapit kay Hesus. Ngunit nang mapansin niya ang hangin, siya'y natakot at nagsimulang lumubog. "Sagipin ninyo ako, Panginoon!" sigaw niya. Agad siyang inabot ni Hesus. "Napakaliit ng iyong pananalig!" sabi niya kay Pedro. "Bakit ka nag-alinlangan?"

Pagkasakay nila sa bangka, tumigil ang hangin. At sinamba siya ng mga nasa bangka. "Tunay na kayo ang Anak ng Diyos!" sabi nila.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman

ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Sa mga bagyo at kahirapan ng ating buhay, panatag tayong dumulog sa Panginoon para sa ating kaligtasan. Buong pananalig tayong manalangin:

B –Panginoong Hesus, iligtas mo ang bayan mo!

* Nawa makatagpo ang Simbahang Katolika sa kanyang Panginoon ng lakas at kasiyahan para mapaglabanan ang mga bagyo ng pag-uusig, pang-iiwan, at pagtatakwil, manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang Santo Papa Francisco at ating mga Obispo ay patuloy na biyayaan ng liwanag at lakas na kailangan nila sa pamumuno sa Simbahan sa mga panahong ito ng kalituhang moral at laganap na karahasan, manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang mga puwersang pangkapayapaan ng UN sa mga luar ng kaguluhan ay magtagumpay laban sa karahasan at maipagtanggol ang mga sibilyan, manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang mga pamilyang di nagkakaunawaan ay magkasundo na rin at mamuhay sa pagtutulungan at pagmamahalan, manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang mga kalahok sa *Asian Youth Day*, na nagsisimula ngayon, ay mapalapit kay Kristo at matulungang maibahagi ang kanyang pag-ibig, manalangin tayo! **B.**

* Nawa pagtuunan nating lahat ang kadakilaan at kabaitan ng Panginoon at hindi ang ating mga problema. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating sari-sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Hesus, bukal ng lahat ng tapang at kaligtasan, tulungan mo kaming harapin ang mga hamon ng buhay nang buo ang loob at pananalig na ikaw’y

kapanig namin hanggang sa magtamo kami ng kapayapaan kung saan ka nabubuhay at naghahari nang walang hanggan!

B –Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan. Ang ipinagmangandang-loob mong ibigay sa amin upang maihain ay siya nawang gumana ng iyong ginagawa upang kami’y tubusin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo V

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo’y pinaglingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin! (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkalooob mo sa amin ang kapayaan!

Paanyaya sa Pakikinaabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Purihin mo, Jerusalem, Poon ay iyong purihin. Siya ay lubhang butihing nagbibigay ng pagkaing mayro’ng linamnam na angkin.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, ang pakikinaabang namin sa piging na banal ay magdulot nawa sa amin ng kaligtasan at magtanghal sa amin sa luningning ng iyong katapatan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

PAGWAWAKAS



P –Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Iligtas nawa kayo ng kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng sama at bigyan kayo ng lakas at pag-asang walang maliw.

B –Amen!

P—Kayo rin nawa’y maging kasangkapan ng pagtatanggol ng Diyos para sa inyong mga kapatid na nanganganib o nangangamba.

B—Amen!

P—Pagpalain nawa ng Panginoon

ang inyong mga pagsisikap at pagkalooban kayo ng kasaganaan ng kanyang biyaya, kalusugan, at kapayapaan.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama,

Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo at maging kasangkapan ng pagmamahal para sa lahat!

B—Salamat sa Diyos!

PAGLILIGTAS SA MGA BAGYO NG BUHAY AT SA KASAYSAYAN

Ang di inaasahang malakas na bagyo ay lubhang nakakatakot habang sinisiklut-siklot nito ang marupok na bangka ng labindalawang disipulo. At ang paglabas ng isang mamang naglalakad sa ibabaw ng tubig na animo ito’y matibay na kapatagan ay lalo manding nagpasindak sa kanila. Wari itong isa lamang espiritu – o kamatayan, marahil, na papalapit para sila’y sakmalin!

Ang pananalita ni Hesus, **“Ako ito. Huwag kayong matakot!”** ay di nila mapaniwalaan. Akala ni Pedro’y masusubok niya ang Panginoon. Di niya naisip na ngayon, siya itong sinusubok. Sinubok ang kanyang pananalig. At malinaw na bagsak siya. Ang mapangahas niyang hamong **“Palapitin mo ako sa iyo!”** ay halos maningil ng buhay niya. Mabuti na lamang at naroon si Hesus at siya’y iniligtas – isang bihasang mamalakayang sinagip ng isang karpinterong tagapangaral na bihira sa karagatan!

Sa saglit na sumakay si Hesus sa bangka, **“tumigil ang hangin” (Mt 14:32)**. Ang gabing iyon ay isa pang dagdag sa mahihirap paniwalaang karanasan para kina Pedro mula pa nang makatagpo nila ang gurong taga-Nazaret.

Bawat isa sa atiy may hawig sa katauhan ni Pedro. Siya ang pinuno ng malaking pulutong na kinabibilangan natin. Marami sa atin ang mapusok ngunit di naman matatag . . . tulad ni Pedro! **Ang buhay natin, paminsan-minsan, ay tulad din ng binabagyang dagat ng Galilea!**

Kung minsan, pagkatapos ng kapangahasan at naubusan na tayo ng lakas, sa takot sa napipintong kapahamakan, tayo ma’y nagpapagibik: **“Panginoon, iligtas mo ako!”** Ito ang mga pagkakataon ng paglaho ng ating pagmamataas at **ang batang nasa atin, ang mananampalataya sa atin, ay nakapananaig at siyang nagpapaabot sa atin sa matatag na kamay ni Hesus,** ang tanging makapagliligtas sa atin.

Sa gayon, **paulit-ulit tayong naililigtas,** hindi ng ating lakas, kundi ng **mahabaging pagmamahal ng Diyos.** Salamat sa Kanya, nakapagpatuloy tayo sa ating paglalakbay sa dagat ng buhay nang buong panatag na Siya’y malapit sa atin at laging nag-iingat at nagliligtas sa mga nananalig sa Kanya.

Gayunman, ang mga bagyo ay hindi hanggang sa mga buhay lamang ng mga indibiduwal na mananampalataya. Ganito rin sa Simbahan, sa kabuuan o mga bahagi nito.

Halimbawa’y ang maraming pag-uusig na pinagdagan ng Simbahan sa maraming siglo, mula pa nang pag-usigin ng mga pinunong Judio ang mga apostol pagkaakyat ni Hesus sa langit, hanggang sa mga pagtatangka ng mga rehimeng Komunista, Nazi, at iba pang diktadurya na ipabagsak ang Simbahan at ang pananampalataya ng mga kaanib nito.

Patuloy na naging biktima ang Simbahan sa kamay ng di lamang mga kalabang panlabas, kundi pati ng mga kalaban sa loob, tulad ng mga maling paniniwalang nakayanig sa tibay ng pananampalataya at naging ugat ng pagkakahati-hati ng mga mananampalataya. Gayundin, dumanas ang Simbahan ng matitinding bagyo ng malawakang katiwalian moral at **“kamunduhan”** na sa ilang pagkakatao’y ikinalimot ng kanyang mga pinuno sa kani-kanilang pangunahing misyong ipangaral at isabuhay ang Ebanghelyo.

Nasangkot din ang Simbahan sa maraming bagyo ng **“modernisasyon”** at **“pakikibagay”** sa mga makabagong kalakaran at panuntunang ikinabingit ng lipunan sa pangantib na malihis sa tunay na layunin ni Kristo para rito.

Sa ating panahon, saksi tayo sa pagtuligsa sa Simbahan ng mga pagtutol ng ilang **“Katolikong liberal”** na hayagang naghahamon sa turo ng Magisterium, sa doktrina at mga usaping moral. Sanhi ito ng iskandalo, kalituhan, at pagkakahati-hati sa Simbahan na nakapipin-sala sa kanyang bisa at sa pananalig dito.

Ngunit sa kabila ng lahat ng ganitong bagyo, kamangha-manghang **ang Simbahan ay patuloy pa ring masigla at buhay sa halos lahat ng panig ng daigdig. Ito’y dahil sa ang Panginoong Hesus ay nananatili sa kanyang Simbahan.** Ang kanya ngang presensiya ay siyang nagliligtas sa marupok na bangka ng Simbahan laban sa maraming bagyo at krisis na pinagdaanan. Ngayon, tulad nang dati, inuulit ni Hesus: **“Magpakatatag! Narito ako!”**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan